

Public education
Discover a world of opportunities

PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

MGA BAITANG NG PAGBABASA

Ang inyong mga anak ay magdaraan sa iba-ibang baitang habang sila ay natututong bumasa. Tandaan ninyo na ang mga bata ay natututo sa iba-ibang paraan at sa iba-ibang tulin, kaya maging matiyaga kayo at lagíng palakasin ang loob ng inyong mga anak sa kanilang mga pagsisikap.

Mga mambabasang may mga ginagampanang papel

Habang lumalaki at umuunlad ang inyong mga anak, magsisimula silang magkaroon ng hilig sa mga aklat at mga salita na nakikita nila sa kanilang paligid.

Maaaring simulan nilang gayahin kayo sa pamamagitan ng paghawak nang tama ng aklat, pagbuklat nang maingat ng mga pahina at pagkukunwaring nagbabasa na ginagamit ang mga litrato at ang kanilang memorya para ulitin ang pagsasalaysay ng mga kuwento. Natutuhan din nilang malaman ang pagkakaiba ng harapan ng isang aklat sa likuran nito, umunawa na ang mga salita at mga litrato ay magkaiba, at ang mga salitang nakalimbag ay may nilalamang mga mensahe.

Masusuportahan ninyo ang inyong mga anak sa pamamagitan ng:

- pagbasa kasama nila araw-araw
- pagpasigla at pagpuri ng anumang mga pagsisikap nila sa pakunwaring pagbabasa
- pagpakita sa kanila na tumutulong ang mga litrato sa pagsalaysay ng kuwento
- paulit-ulit na pagbasa ng kanilang mga paboritong kuwento – ang pagpapalagayang-loob ay nagbubuo ng pagtitiwala
- hindi pamimintas sa kanila kapag sila ay nagkakamali – matagal matutong bumasa!

Mga nagsusubok na mambabasa

Sa baitang na ito, ang inyong mga anak ay madalas magbabasa sa pamamagitan ng pagtingin sa mga litrato at paggamit ng kanilang pagkatanda ng isang kuwento. Makikilala din nila ang ilang mga salita, nguni't ang pokus nila ay nasa kahulugan ng teksto at hindi sa pagbasa nang tama ng bawat salita.

Masusuportahan ninyo ang inyong mga anak sa pamamagitan ng:

- pagbasa kasama nila araw-araw
- paghimok sa kanilang subukang bumasa at pagpuri sa kanilang mga pagsisikap
- pakikipag-usap sa kanila tungkol sa mga tunog, salita at mga kawili-wiling bahagi sa mga aklat at ibang teksto gaya ng mga tatak, mga listahan ng bibilhin at mga pahayagan
- pakikipag-usap sa kanila tungkol sa mga tauhan sa aklat at mga banghay ng mga kuwento
- pagpalakas ng kanilang loob na magpahayag ng kanilang mga palagay tungkol sa kung ano ang mangyayari sa isang kuwento
- pagpapatuloy ng paulit-ulit na pagbasa ng kanilang mga paboritong kuwento.

Isara ninyo ang telebisyon. Higit na madali para sa inyong anak na mag-ukol ng isip kung walang paggagambala.



Department of
Education

Makakakita kayo nang higit pa na mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.

PAGBASA: PAG-AARAL SA TAHANAN

Mga maagang mambabasa

Sa baitang na ito, ang mga bata ay makakabasa na ng mga tekstong alam na alam nila. Kapag bumabasa sila ng mga bagong teksto, malamang na mabagal at dahan-dahan nila itong babasahin habang nakapokus sila sa bawat salita, at sinusubukang basahin nang tamang-tama ang nasa pahina. Marahil ay magsisimula rin magsabi sa inyo ang inyong mga anak ng kanilang palagay tungkol sa mga bagay na nabasa nila at kung bakit ganoon ang kanilang palagay.

Masusuportahan ninyo ang inyong anak sa pamamagitan ng:

- madalas na pagbasa ninyo sa kanila at pagpalakas ng kanilang loob na pag-usapan ang tungkol sa kuwento
- paghimok ninyo sa kanila na ipahayag ang kanilang palagay tungkol sa mga bagay na binabasa nila
- pagtawag ng kanilang pansin at pakikipag-usap tungkol sa mga karaniwang salita

Talagang mahalaga na purihin ninyo palagi ang inyong mga anak habang sila ay natututong bumasa. Iwasan ninyo ang pamimintas kung sakaling magkamali sila, kahit kung para sa inyo mukhang madali ito. Ang ilang mga bata ay nangangailangan ng maraming pagsasanay at pagpapalakas ng loob.

- palakasin ang kanilang loob na subukan ang iba-ibang paraan para malaman ang isang salita na hindi nila alam gaya ng pagpatunog ng salita, paggamit ng mga litratong palatandaan at mga palatandaang inyong ibibigay sa kanila, pagbasa muli ng pangungusap, at patuloy na pagbasa hanggang sa katapusan ng pangungusap
- pagtanong sa kanila tungkol sa kung bakit akala nila na may nangyari sa isang kuwento, at kung bakit sa palagay nila ang isang tauhan ay nagsabi o gumawa ng anuman
- paghimok sa kanila na pag-usapan kung paano nila nalaman ang isang salitang hindi nila alam
- pagsulat ng maiikling sulat sa isang pisara ng mensahe upang mabasa nila ang mga ito at himukin silang mag-iwan din ng mga maiikling sulat.

